



ERIC GARCETTI
MAYOR

EXECUTIVE DIRECTIVE NO. 32

Petsa ng Pag-isyu: Disyembre 16, 2021

Paksa: Pagpapalakas ng Akses sa Wika sa Lungsod ng Los Angeles

Ang Los Angeles ay isang lugar – kung saan ang mga tao sa bawat sulok ng mundo ay malugod na tinatanggap upang abutin ang mga pangarap, bumuo ng pamilya at magbigay ng positibong kontribusyon sa buhay at kasaysayan ng ating lungsod.

Isa sa mga palatandaan ng ating pagkakaiba-iba ay ang bilang ng mga wika sa Los Angeles – mayroong mahigit sa 220 sa pamamagitan ng ilang pagtatantya – at ang mga benepisyo at hamon na kaakibat ng nagpoprotekta sa ekonomiko, kultural, panglipunan, at politikal na kapakanan ng mga multi-linggwal na mga komunidad ng imigrante. Ang mga indibidwal na hindi nagsasalita ng wikangIngles bilang kanilang pangunahing wika at may limitadong abilidad sa pagbasa, pagsalita, pagsulat, o pag-unawa ng Ingles ay tinutukoy na mga English language learners o ELL. Nalalapat ang pagtatalagang ito sa higit sa 538,000 na imigranteng residente ng ating lungsod, na kumakatawan sa higit sa 37% ng populasyon ng imigranteng Angeleno.

Itinatag ko ang Mayor's Office of Immigrant Affairs upang suportahan at pabilisin ang integrasyon ng mga imigrante sa pamamagitan ng koordinasyon ng mga serbisyo ng Lungsod, pagtulong, at adbokasiya na may isang layunin upang matiyak ang lahat ng mga Angelenos – anuman ang katayuan sa imigrasyon o wika – ay may pagkakataon upang kumonekta sa mga mapagkukunan ng komunidad, may akses sa mga serbisyo ng gobyerno, makisali sa buhay sibiko, at magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga batas at mga hakbangin sa patakaran na direktang nakakaapekto sa kanilang buhay.

Ang mga epekto ng pandemya sa ating sambayanan ay binigyang importansya ang nagliligtas-buhay na trabahong ito – at ang kahalagahan ng pagpapatupad ng isang matibay at sentralisadong paraan upang magbigay ng propesyonal, mataas na kalidad na mga serbisyo sa pag-akses sa wika. Hinihiling ng panahong ito na gawing

institusyonal ang mga patakaran at kaugalian sa pangangasiwa ng aking administrasyon sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang malawakang programa sa akses sa wika sa buong lungsod ng Los Angeles na nakasentro sa pagkakapantay-pantay at tumutugon sa pagselyo sa pundasyon para sa hinaharap na pag-unlad sa pamamagitan ng pagtatakda ng isang malinaw na daan sa pangangalaga sa pambihirang pag-unlad na nagawa na natin.

Upang suportahan ang ating patuloy na pagsisikap na magtatag ng malawakang-lungsod na programa sa akses sa wika para sa Lungsod ng Los Angeles, idinidirekta ko ang mga sumusunod:

1. **Lumikha ng gabay na plano sa pag-akses sa wika (Inaugural Plan) na nagtatakda ng pundasyon para sa isang malawakang-lungsod na akses sa wika at madaling ma-akses na programa sa komunikasyon at nagsisilbing modelo para sa Mga City Department.** Ang Mayor's Office of Immigrant Affairs ay mamumuno sa paglikha ng Inaugural Plan sa katapusan ng Taong Piskal 2021-2022. Ang Inaugural Plan ay tutugunan ang angkop na mga legal na kinakailangan at itakda ang mga patakaran at kilos na isinagawa ng Mayor's Office upang matiyak ang makabuluhang akses sa impormasyon, mga programa at serbisyo, kabilang ang mga serbisyo sa mga pinagsisilbihan. Ang Inaugural Plan ay magsisilbing dokumentadong pundasyon para sa malawakang-lungsod na programa sa pag-akses sa wika at magsisilbing modelo para sa mga kanya-kanyang plano sa akses sa wika ng Mga City Department, tulad ng inilalarawan sa Bahagi 3 sa ibaba.
 - a. Ang Inaugural Plan ay regular na isasapanahon ng Citywide Language Access Coordinator ayon sa nakasaad sa ilalim ng Bahagi 2 sa ibaba, at ayon sa kinakailangan ng batas at batay sa mga pagbabago sa populasyon ng serbisyo. Lahat ng pagsasapanahon sa Inaugural Plan ay ilalathala sa website ng Mayor's Office.
 - b. Ang Inaugural Plan ay magtatatag ng mga mithiin at parametro ng malawakang-lungsod na programa sa akses sa wika na maaaring magsilbing gabay sa Mga City Department sa paghahanda ng mga kahilingan sa badyet para makamit ang mga layunin ng ehekutibong direktiba na ito.
2. **Magtatag ng isang posisyon na Citywide Language Access Coordinator.** Ang Inaugural Plan ay ibabalangkas ang pagtatatag ng isang Citywide Language Access Coordinator (Coordinator) na napapaloob sa isang itinalagang pang-alkadeng tanggapan o City Department na mayroong kakayahang akuin ang papel na gagampanan ng Coordinator at mga karagdagang tauhang pang-suporta.

- a. Ang Coordinator ay mamumuno sa programa ng malawakang-lungsod na programa sa akses sa wika sa pamamagitan ng pagsasapanahon at pangangasiwa sa pagpapatupad ng Inaugural Plan at pagtugon sa mga lilitaw na mga pangangailangan sa malawakang-lungsod na akses sa wika.
 - b. Ang Coordinator ay makikipagtulungan nang direkta sa Mga City Department, sa pamamagitan ng mga General Manager, mga Pinuno ng Departments/Offices, at/o mga Liaison sa Language Access, ayon sa tinukoy sa ilalim ng Bahagi 5 sa ibaba, upang mangolekta ng mahalagang impormasyon, kabilang ang mga datos at dokumento, upang gumawa ng makabuluhang pagsasapanahon sa Inaugural Plan na magsisilbi sa lahat ng Angelenos.
 - c. Ang Coordinator ay magpapayo sa umiiral na mga mapagkukunan sa Lungsod sa akses sa wika para sa mga Angelenos at anumang lilitaw na pangangailangan, kabilang, ngunit hindi limitado sa, karagdagang mga mapagkukunan o mga kailangang tauhan upang suportahan ang posisyon na ito.
- 3. Ang Mga City Department ay lilikha ng pang-indibidwal na mga plano sa akses sa wika (Department plans).** Ang Mga City Department na sa kasalukuyan ay walang plano sa akses sa wika ay maaaring magpatibay ng isang templado na nasa Inaugural Plan at baguhin ito, kung naaangkop, upang tugunan ang mga uri ng mga serbisyo na ibinibigay ng departamento.
- a. Ang plano ng Department ay regular na isasapanahon, ayon sa kinakailangan ng batas at batay sa mga pagbabago sa populasyon na pinagsisilbihan, at ilalathala sa website ng City Department,
- 4. Ang Mga City Department ay mag-uulat ng datos ng akses sa wika sa Coordinator ng Citywide Language Access.** Lahat ng Mga City Department ay dapat magbigay ng regular na pag-uulat tungkol sa datos ng akses sa wika ayon sa tagubilin ng Inaugural Plan. Kabilang sa datos na dapat iulat ay ang bilang ng mga materyal at kaganapan kung saan nagbigay ang Department ng pagsasalin at interpretasyon, at sa kung anong mga wika, bilang ng hiniling na mga serbisyo sa akses sa wika, uri ng serbisyo na hiniling, at mga wika kung saan hiniling ang mga serbisyo. Ang ulat ay ibibigay sa Coordinator.
- 5. Magtatalaga ng isang Language Access Liaison sa bawat City Department.** Lahat ng Mga City Department ay magtatalaga ng isang Language Access Liaison upang maglingkod bilang koneksyon sa pagitan ng Coordinator at ng City Department.

- a. Ipaalam sa Coordinator ang pangalan at impormasyon ng indibidwal (kasama kung may kasunod na pagbabago sa tauhan o pagbabago sa impormasyon ng indibidwal).
 - b. Ang Language Access Liaison ay dadalo at aktibong makikipag-ugnayan sa mga pulong ng Working Group, tulad ng nakabalangkas sa ilalim ng Bahagi 6(a) sa ibaba.
 - c. Ang Language Access Liaison ay direktang makikipagtulungan sa Coordinator sa pangongolekta ng lahat na mahalagang impormasyon, kabilang na ang mga datos at dokumento, upang suportahan ang mga pagsisikap ng Coordinator sa pagsasapanahon ng Inaugural Plan, tulad ng nakasaad sa ilalim ng Bahagi 2(a) sa itaas.
- 6. Gawing institusyonal ang umiiral na Citywide Language Access Working Group.** Ang Working Group sa Citywide Language Access (Working Group) ay patuloy na magpopokus sa pagpapabuti ng akses sa impormasyon ng Lungsod, mga programa, at mga serbisyo para sa mga ELL na Angeleno, ayon sa direksyon ng Inaugural Plan.
- a. Ang Working Group ay pamumunuan ng Coordinator at regular na dadaluhan ng mga Language Access Liaisons mula sa bawat City Department.

Pinagtibay ngayong ika-16 na araw ng Disyembre, 2021.

ERIC GARCETTI
Mayor